Mensahe Labing-isa

## Ang mga Anak ng Diyos na Lumalakad sa loob ng Pag-ibig at Liwanag

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 1:5, 9; 5:1-14; 1 Juan 4:8, 16; 1:5

**I. Ang mabuting kaluguran ng Diyos ay ang maging kaisa ng tao at ang gawin ang tao na katulad Niya sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos—Efe. 1:5, 9.**

**II. Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay mga Diyos-tao, ipinanganak ng Diyos, tinataglay ang buhay at kalikasan ng Diyos, at nabibilang sa espesye ng Diyos—5:1; 1 Juan 3:1; Juan 1:12-13:**

A. Ang Diyos ang ating totoo, tunay na Ama, at tayo ang Kanyang totoo, tunay na mga anak—1 Juan 3:1; Efe. 5:1.

B. Ang pinakadakilang kahanga-hangang pangyayari sa sansinukob ay yaong ang mga taong nilalang ay maaaring isilang ng Diyos at yaong ang mga makasalanan ay maaaring gawing mga anak ng Diyos—1 Juan 3:1, 9; 4:7; 5:1, 4, 18; Juan 1:12-13.

C. Sa pamamagitan ng gayong kamangha-manghang dibinong kapanganakan ay natanggap natin ang dibinong buhay, ang buhay na walang hanggan, bilang dibinong binhi na inihasik tungo sa ating katauhan—1 Juan 1:2; 3:9.

D. Yamang tayo ay ipinanganak na ng dibinong buhay at taglay na ang dibinong buhay, tayo, ang mga anak ng Diyos, ay mga dibinong persona—5:11-13; 3:1, 10.

E. Bilang mga ipinanganak na ng Diyos, hindi lamang tayo may dibinong buhay bagkus dibinong kalikasan din—2 Ped. 1:4.

F. Dahil tayo ay mga anak ng Diyos na may buhay at kalikasan ng Diyos, maaari tayong maging mga tagatulad ng Diyos—Efe. 5:1.

G. Bilang mga anak ng Ama, taglay ang buhay at kalikasan ng Ama, maaari tayong magpakasakdal tulad ng ating Ama na sakdal—Mat. 5:48.

**III. Kailangan nating makilala at maranasan ang Diyos bilang pag-ibig at liwanag—1 Juan 4:8, 16; 1:5:**

A. Ang pag-ibig at liwanag sa katunayan ay ang Diyos Mismo; ang mga ito ang katangian ng Diyos, ang Kanyang esensiya—4:8; 1:5.

B. Sinasabi sa 1 Juan na ang Diyos ay liwanag (b. 5) at pagkatapos, na ang Diyos ay pag-ibig (4:8, 16).

C. Ang pag-ibig bilang ang kalikasan ng esensiya ng Diyos, ay ang pinagmumulan ng biyaya, ang liwanag, bilang ang kalikasan ng kahayagan ng Diyos, ay ang pinagmumulan ng katotohanan.

D. Kapag ang dibinong pag-ibig ay nagpakita sa atin, ito ay nagiging biyaya, at kapag ang dibinong liwanag ay suminag sa atin, ito ay nagiging katotohanan.

**IV. Bilang mga anak ng Diyos, dapat tayong lumakad sa loob ng pag-ibig at liwanag—Efe. 5:2, 8:**

A. Kung paanong ang biyaya at katotohanan ay ang mga pangunahing elemento sa 4:17-32, gayundin ang pag-ibig at liwanag ay ang mga pangunahing elemento ng paghihikayat ni Pablo sa 5:1-33:

Mensahe Labing-isa (pagpapatuloy)

1. Ang biyaya ang kahayagan ng pag-ibig, at ang pag-ibig ang pinagmumulan ng biyaya; ang katotohanan ang paghahayag ng liwanag, at ang liwanag ang pinagmumulan ng katotohanan—1 Juan 4:8; 1:5.
2. Ang pag-ibig ang panloob na substansiya ng Diyos, at ang liwanag ang nahayag na elemento ng Diyos; ang panloob na pag-ibig ng Diyos ay nadarama, at ang panlabas na liwanag ng Diyos ay nakikita.
3. Ang ating pang-araw-araw na paglakad bilang mga anak ng Diyos ay dapat binubuo kapwa ng mapagmahal na substansiya ng Diyos at ng nagniningning na elemento ng Diyos; ito dapat ang maging panloob na pinagmumulan ng ating paglakad.
4. Ang paglakad sa loob ng pag-ibig at liwanag ay mas malalim at mas magiliw kaysa sa pamumuhay ayon sa katotohanan at sa pamamagitan ng biyaya.

B. "Lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo"—Efe. 5:2:
1. Ang lumakad sa loob ng pag-ibig ay ang lumakad nang matalik sa Diyos—cf. 1 Juan 3:1:
   a. Sa presensiya ng Ama, hindi lamang natin tinatamasa ang biyaya, ang kahayagan ng pag-ibig, bagkus tinatamasa rin natin ang pag-ibig mismo.
   b. Sa ating pang-araw-araw na paglakad, palagi nating dapat pangalagaan ang damdamin ng ating Ama, sapagkat matalik tayong namumuhay sa loob ng Kanyang magiliw na pag-ibig.
2. Ang gol ng aklat ng Efeso ay ang dalhin tayo tungo sa pag-ibig bilang panloob na substansiya ng Diyos nang sa gayon ay matamasa natin ang Kanyang presensiya sa loob ng katamisan ng dibinong pag-ibig at sa gayon ay ibigin ang iba gaya ng ginawa ni Kristo—5:25:
   a. Sa loob ng kondisyon at atmospera ng pag-ibig, tayo ay natitigmakan ng Diyos upang maging banal at walang dungis sa harap Niya—1:4.
   b. Ang pag-ibig kung saan tayo nakaugat para sa paglago at napagtibay para sa pagtatayo ay ang dibinong pag-ibig na natatanto at natatamasa natin sa isang praktikal na paraan—3:17.
   c. Ang pag-ibig ni Kristo, na si Kristo Mismo, ay di-masukat at humihigit sa kaalaman, gayunma'y makikilala natin ito sa pamamagitan ng pagdaranas dito—b. 19.
   d. Sa pag-ibig ng Diyos sa loob ni Kristo, tumatangan tayo sa katotohanan, yaon ay, kay Kristo kasama ang Kanyang Katawan—4:15.
   e. Itinatayo ng Katawan ni Kristo ang sarili nito sa loob ng pag-ibig; ang pag-ibig ang pinakaekselenteng paraan upang tayo ay maging anuman at gumawa ng anuman para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—b. 16; 1 Cor. 12:31.
   f. Ang ibigin ang Panginoon sa kawalang-kabulukan ay nangangahulugang ibigin Siya sa bagong nilikha at ayon sa lahat ng walang kabulukang bagay na inihayag sa aklat ng Efeso—6:24.

Mensahe Labing-isa (pagpapatuloy)

3. Bilang mga isinilang nang muli upang maging espesye ng Diyos, tayo, ang mga anak ng Diyos, ay dapat maging pag-ibig dahil ang Diyos ay pag-ibig; yamang tayo ay nagiging Diyos sa buhay at sa kalikasan, dapat din tayong maging pag-ibig—1 Juan 4:8, 16.

C. "Kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag"—Efe. 5:8:
   1. Kung paanong ang Diyos ay liwanag, gayundin tayo, ang mga anak ng Diyos, ay mga anak ng liwanag—1 Juan 1:5; Efe. 5:8; Juan 12:36.
   2. Hindi lamang tayo mga anak ng liwanag—tayo ay liwanag mismo; tayo ay liwanag dahil kaisa tayo ng Diyos sa loob ng Panginoon—Mat. 5:14; 1 Juan 1:5.
   3. Kapag tayo ay nasa liwanag, tayo ay nasa labas ng kinasasaklawan ng tama at mali—b. 7.
   4. Kung lalakad tayo bilang mga anak ng liwanag, matataglay natin ang bungang inilarawan sa Efeso 5:9:
      a. Ang bunga ng liwanag ay dapat mabuti sa kalikasan, matuwid sa pamamaraan, at totoo sa kahayagan, upang maihayag ang Diyos bilang realidad ng ating pang-araw-araw na paglakad.
      b. Ang bunga ng liwanag sa kabutihan, katuwiran, at katotohanan ay may kaugnayan sa Tres-unong Diyos:
         1) Ang Diyos Ama bilang kabutihan ay ang kalikasan ng bunga ng liwanag; samakatwid, ang kabutihan sa bersikulo 9 ay tumutukoy sa Diyos Ama—Mat. 19:17.
         2) Ang katuwiran ay tumutukoy sa Diyos Anak, sapagkat dumating si Kristo upang isakatuparan ang layunin ng Diyos ayon sa matuwid na pamamaraan ng Diyos—Roma 5:17-18, 21.
         3) Ang katotohanan, ang kahayagan ng bunga ng liwanag, ay tumutukoy sa Diyos Espiritu, sapagkat Siya ang Espiritu ng realidad—Juan 14:17; 16:13.
      c. Ang katibayan na tayo ay lumalakad bilang mga anak ng liwanag ay makikita sa pagtataglay ng gayong bunga.

© 2024 Living Stream Ministry